


7

# FILIPINO

## Unang Markahan – Modyul 6: ANG ALAMAT NG ILOG NG MAGUINDANAO



CO\_Q1\_Filipino7\_Module6

**Filipino – Baitang 7**

**Alternative Delivery Mode**

**Unang Markahan – Modyul 6: Ang Alamat ng Ilog ng Maguindanao**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

<b>Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul</b>	
<b>Manunulat:</b>	ERLENE O. DUMAGSA
<b>Editor:</b>	LELITA A. LAGUDA, BENNEDICK T. VIOLA
<b>Tagasuri:</b>	SALLY A. PALOMO
<b>Tagaguhit:</b>	LHRYN T. JARANILLA, JESRENE VALE VERALLO SWELYN E. FORRO
<b>Tagalapat:</b>	GUINEVIER T. ALLOSO
<b>Tagapamahala:</b>	ALLAN G. FARNAZO GILBERT B. BARRERA ARTURO D. TINGSON, JR. PETER VAN C. ANG-UG JULIET F. LASTIMOSA SALLY A. PALOMO GREGORIO O. RUALES

**Department of Education – Region XII**

Office Address: Department of Education Region XII

Office Address: Regional Center, Brgy. Carpenter Hill, City of Koronadal

Telefax: (083) 2288825/ (083) 2281893

Email Address: depedroxii.org Email: region12@deped.gov.ph

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## Alamin



Magandang araw! Nariritong muli ang iyong kaibigang si Kokoy na handang gumabay sa panibagong paglalakbay. Alam kong handang-handa ka na para sa ikaanim na modyul sa Filipino.

Naranasan mo na bang makinig sa kuwento ng iyong lolo, kaibigan o kakilala? Di ba nakatutuwang mapakinggan ang kanilang mga kuwento? Naisip mo ba sa iyong sarili habang sila ay nagkukuwento na ikaw ang naging bida o isa sa mga tauhan nito? Kaya sa modyul na ito malalaman mo ang kuwento na tumatalakay sa pang araw-araw na pamumuhay ng isang tao. Mga paniniwala o tradisyon na kanilang pinaniniwalaan.

Dito natin sisimulan ang ikaanim na yugto ng iyong pag-aaral. Tara na! Magsimula na tayo. Alam kong kaya mo iyan kaibigan, ikaw pa!

Sa pag-aaral sa modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang sumusunod na mga :

### **Kasanayan sa Pampagkatuto:**

- Naisasalaysay nang maayos at wasto ang buod, pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento, mito /alamat / kuwentong-bayan. **(F7PS-Id-e-4)**

### **Layunin:**

- a. Natutukoy ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari mula sa binasang alamat.
- b. Naisasalaysay ang mga pangyayaring naganap mula sa binasang alamat.
- c. Nakabubuo ng sariling spoken poetry gamit ang larawan mula sa binasang alamat.



## Subukin

Kaibigan, bago ka magpatuloy sa araling ito ay aalamin muna natin kung ano na ang alam mo tungkol sa araling ito.

Huwag kang mag-alala, ito ay panimulang pagsubok lamang. Nais kong sagutin mo ang mga tanong sa abot ng iyong makakaya. Kung handa ka na, maaari ka nang mag-umpisa!



### I. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- Ano ang tamang kahulugan ng salitang “alamat”?
  - Isang kuwento ng pinagmulan ng lugar o bagay.
  - Isang uri ng pampanitikan na nagsasaad ng pang-araw-araw na gawain ng isang tao.
  - Isang uri ng akda na nagpapakita ng pagiging matapang ng isang tao at kung paano niya ito nalagpasan na may positibong pananaw sa buhay
  - Isang uri ng panitikan na naglalahad ng mga magagandang pangyayari sa isang tao kung paano niya nailigtas ang kanyang mga kapwa mula sa isang traydor na tao.
- Ang Alamat ay naglalaman ng mga elemento. Ano ang mga ito?
  - Tauhan at Banghay
  - Tagpuan at Tauhan
  - Tauhan, Tagpuan at Banghay
  - Wala sa nabanggit
- Nagbibigay-buhay sa mga pangyayari sa kuwento, maaaring mabuti o masama.
  - tauhan
  - tagpuan
  - banghay
  - katapusan
- Ito ay tumutukoy sa panahon at lugar kung saan naganap ang Alamat.
  - tauhan
  - tagpuan
  - banghay
  - Tunggalian
- Ito ay tumutukoy sa maayos na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa Alamat.
  - tauhan
  - tagpuan
  - banghay
  - kasukdulan
- Ito ay bahagi ng banghay kung saan ang kawiliha ng mga mambabasa ay nakasalalay
  - simula
  - tunggalian
  - kasukdulan
  - saglit na kasiglahan
- Dito makikita ang pakikipagtunggali ng pangunahing tauhan sa mga suliraning kanyang kahaharapin.
  - simula
  - tunggalian
  - kasukdulan
  - Lahat ng nabanggit

8. Ito ang pinakamataas na pangyayari sa kuwento kaya't ito ang pinakamaksiyon. Sa bahaging ito unti-unting nabibigyang-solusyon ang suliranin at dito malalaman kung magtatagumpay ba ang pangunahing tauhan o hindi
- simula
  - tunggalian
  - kasukdulan
  - kakalasan
9. Ito ang pababang aksiyon ng kuwento kung saan unti-unting nang nasosolusyunan ang mga suliranin sa kuwento?
- kakalasan
  - wakas
  - kasukdulan
  - tauhan
10. Ang kinahinatnan ng kuwento na maaaring masaya o malungkot.
- kakalasan
  - wakas
  - kasukdulan
  - tunggalian
11. Paano nagkaroon ng Ilog ang Maguindanao ?
- dahil sa pagmamahalan nina Pulang at Sumawang
  - dahil sa dakilang pagmamahal ni Datu Semakwil sa kanyang anak na si Sumawang
  - dahil sa pakikipagdigma ng mga magigiting na kawal ni Datu Semagansang ang hari ng Tatapan.
  - dahil sa sobrang kalungkutang naramdaman ni Pulang sapagkat hindi nito gustong ipakasal sa isang lalaking hindi niya mahal.
12. Sino ang anak ni Datu Semagansang na may taglay na kagandahan, kabaitan at hindi mapagmataas?
- Pulang
  - Sumawang
  - Datu Semakwil
  - Datu Semagansang
13. Ano ang damdaming nangingibabaw kay Pulang nang marinig niyang ipapakasal siya ng kanyang ama kay Sumawang?
- galit
  - masaya
  - malungkot
  - nagagalak
14. Ano ang katangian ng Alamat?
- ito ay isang tiyak na *SETTING*: isang oras at isang lugar
  - ito ay nagbabago sa paglipas ng mga taon at pinananatiling makulay at kapana-panabik
  - ito ay mayroong mga alintuntunin na may kakayahang umangkop kung saan ay maaring magsimula sa mga himala na pinaniniwalaan na talagang pangyayari.
  - Lahat ng nabanggit
15. Mahalaga ba ang Alamat bilang isang akdang pampanitikan?
- Hindi, dahil ito ay nagdadagdag lamang sa mga panitikan na mahirap unawain
  - Siguro, dahil ito ay nagsisilbing libangan ng mga sinaunang tao bilang paraan ng pagpapahayag ng ating kasaysayan.
  - Oo, dahil ito ang nagsisilbing salamin ng ating kultura, paniniwala sa ating pang araw-araw na pamumuhay at pinagmulan ng bagay o lugar.
  - Wala sa nabanggit



*Kumusta ang iyong pagsagot? Nahirapan ka ba? Tingnan ang tamang sagot sa likod ng modyul na ito. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. Ngunit kung mababa naman ay huwag kang mag-aalala dahil tutulungan kitang unawain ang lahat ng mga ito. Kaya Ituloy mo pa ang pagbabasa at paggawa sa mga kasunod na pahina.*

## Aralin

# 1

## Ang Alamat ng Ilog ng Maguindanao



### **Balikan**

Mahusay kaibigan! Kahanga-hanga ang iyong galing at tatag sa pagsagot sa mga katanungan sa itaas. Kung mataas ang iyong nakuhang iskor, binabati kita. Kung mababa naman ay huwag kang mag-alala. May pagkakataon ka pang paunlarin ang iyong sarili sa tulong ng modyul na ito



Ngayon, babalikan muna natin ang napag-aaralan mo sa nakaraang modyul. Batay sa iyong natutuhan, paano mo bigyang-kahulugan ang salitang **dokyu-film**? Magbigay ka nga. Isulat mo ang iyong sagot sa loob ng mga bilog na makikita sa ibaba.

Sa pagkakataong ito, tingnan mo kung ang mga salitang iyong naisip ay makikita mo sa kahulugan ng salitang hinuha.

Ang **dokyu-film** ay isang pagsasalarawan ng mga pangyayari o kaya buhay ng tao, dokyumentaryong nakikita sa telebisyon.

O, ano? Tama ba ang mga salitang iyong naisip? Kung hindi, ayos lang iyan kaibigan. Ang mahalaga ay natututo ka.

Sa aralin namang ito ay matututo kang maisunod-sunod ang mga pangyayari mula sa binasang alamat. Excited ka na ba?



### **Mga Tala para sa Guro**

Ang Modyul na ito ay inihanda para sa mga mag-aaral upang lubusang matuto at maunawaan ang pinakamahalagang layunin ng pampagkatuto. Naglalaman din ito ng mga gawain at pagsasanay upang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral.




### **Tuklasin**



Kaibigan, makasasama natin ngayon si Kuya Toto. Tutulungan niya tayong maunawaan ang ating aralin tungkol sa akdang pamapanitikan ng Mindanao.

Magandang araw sa inyo mga bata, magandang araw sa iyo Kokoy.

Kumusta kayo? Nasasabik na ba kayong pag-aralan ang mga alamat mula sa Mindanao?










Kokoy, naranasan mo na bang manligaw? Naranasan mo na bang magkaroon ng isang relasyon?

Naku, hindi pa po Kuya Toto! Bata pa po ako!

Tama ka Kokoy bata ka pa nga at ang kaibigan nating gumagamit ng modyul na ito. Sa pagalay niyo, ano ang damdaming nangingibabaw sa mga larawan?




Tama ka, ang larawang nasa itaas ay nagpapakita ng pagmamahal. Marahil kaibigan ay nakaranas ka na ng ganito. Ngunit ang iba rin ay nakaranas ng pagmamahal sa kanilang mga pamilya. Tungkol sa pagmamahalan ang alamat na pag-uusapan natin ngayon.

Sa bahaging ito ng modyul ay may inihanda akong mga Gawain na susukat sa iyong kaalaman hinggil sa desisyon sa pag-ibig. Pagkatapos ay babasahin mo ang isang alamat mula sa Mindanao. Unawain ito nang mabuti at sagutin ang mga gawaing inihanda ko para sa iyo.


**SIMULAN NATIN!**

A. Bilang panimula ay isa-isahin mo ang mga katangiang taglay ng isang taong iyong nagugustuhan. Gamit ang larawang nasa ibaba, isulat mo ang iyong sariling hinuha sa loob ng kahon.




**BALIKAN NATIN ANG NAKARAAN!**

B. Lagyan ng tsek (✓) ang mga larawang nagpapakita ng pagmamahal sa isang tao sa kanyang kapwa at ekis (✗) naman ang hindi. Isulat ang iyong sagot sa loob ng bilog.



### C. Basahin Mo

Magugustuhan mo kaya ang isang taong ipinakilala lamang sa iyo? May pagkakataon bang matutuhan mo rin siyang mahal in balang araw? Ang pagpapakasal ba sa isang tao ay dapat naaayon sa kagustuhan ng iyong mga magulang? Alamin natin ito sa Alamat ng Ilog ng Maguindanao. Basahin mo na!



### Ang Alamat ng Ilog ng Maguindanao

ni: Mubarak M. Tahir

Sa bayan ng Tatapan, may isang magandang dalaga na ang pangalan ay Pulang. Siya ay nag-iisang anak ni Datu Semagansang, ang hari ng Tatapan. Maraming nagkakagusto kay Pulang dahil sa kanyang angking kagandahan, kabaitan at ang hindi nito mapagmataas. Siya rin ay tinatawag ng mga taga-Tatapan bilang Bidadari, ang tawag sa dalagita ng paraiso. Ang lahat ng ninanais ni Pulang ay ibinibigay sa kanya ng kanyang amang hari.

Isang araw, dumating ang hari ng Midtimbang na si Datu Semakwil. Siya ay may anak na binata na nagngangalang Sumawang. Sumama si Sumawang sa kanyang amang hari.

*“Naparito kami Datu Semagansang dahil nais asawahin ng aking anak ang iyong anak na si Pulang, gaya ng napag-usapan natin”* ang hayag ng dumating na hari.

Ang ipinahayag ni Datu Semagansang ay narinig ni Pulang. Nagulat siya sa kanyang narinig. Hindi nito alam kung ano ang kanyang gagawin. Wala pa siyang balak magpakasal at wala siyang nararamdaman para sa anak ng hari na si Sumawang kahit matagal na niya itong naririnig. Hindi alam ni Pulang na ipakakasal siya kay Sumawang nang sa ganoon ay lumawak ang kanilang kahariang pinamumunuan.

*“Ngayon Pulang ay ipapaasawa kita kay Sumawang, parehas lang naman at mag-aasawa ka rin, kaya siya na ang ipapaasawa ko sa’yo”* ang wika ng amang hari ni Pulang.

*“Ngunit ayaw ko pa mahal na amang hari. Wala rin po akong nararamdaman na pagmamahal sa kanya”* naiiyak na sagot ni Pulang.

*“Ito lang ang kahilingan ko sa’yo anak. Lahat ng gusto mo ay ibibigay ko sa’yo kahit ito lamang ang maisusukli mo sa akin”* malakas na sabi ng hari.

*“Ngunit ama...”* ang sumbat ni Pulang na agad namang sinagot ng kanyang amang hari.

*“Nakapag-usap na kami ni Datu Semakwil. Sa ayaw at sa gusto mo, sa susunod na linggo ay ikakasal na kayo ni Sumawang”* ang iniwang pahayag ng kanyang amang hari.

Simula nang marinig ni Pulang na ikakasal siya ay hindi na siya nakikitaan ng pagiging masaya. Hindi na rin ito ngumingiti. Sa sobrang lungkot ay pumunta siya sa bundok na kalapit lamang ng kanilang kaharian. Natatanaw niya ang kabilang bundok na pinamumunuan ng ama ng kaniyang mapapangasawa. Umupo siya sa malaking bato. Hindi niya namamalayan ay napaluha na lamang siya. Iniyak niya ang lungkot na kaniyang nadarama. Umiyak siya nang umiyak. Sa kanyang pag-iyak ay pumapatak ang kaniyang mga luha sa pagitan ng dalawang bundok.

Dahil sa labis na pag-alala ng hari, ilang linggo nang hinahanap ng buong bayan si Pulang mula ng siya'y mawala. May nakapagkuwento kung saan namamalagi si Pulang ngunit hindi na siya muling nakita pa mula nang siya ay umalis. Agad pinuntahan ng hari ang kinaroroonan ni Pulang ngunit wala na silang nadatnan.

“Pulang! Pulang! Anak ko...” ang paulit-ulit na sigaw ng hari.

Umuwi ang hari na hindi niya kasama ang kanyang anak. Labis-labis ang kanyang pagsisisi at pagdadalamhati. Di nagtagal ay iniwan ng hari ang kanyang bayan at hindi na muling nagpakita pa.

Sa pagkawala ni Pulang ay may isang bukal ng tubig na lumitaw sa pagitan ng dalawang bundok kung saan huling nakita si Pulang at kalauna'y naging ilog. Ito ang mga luha ni Pulang na natipon sa kanyang pag-iyak. Tinawag ng mga Maguindanaoan ang ilog na Pulangi.

Magpahanggang ngayon ang ilog ng Maguindanao ay nakatutulong sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Maguindanaoan tulad ng pangingsida at pagsasaka.



## ***Suriin***



Nagustuhan mo ba ang binasa mong alamat kaibigan? Napakagandang pakinggan ang kuwentong ito dahil ito ay nagbibigay impormasyon hinggil sa pinagmulan ng isang ilog.

Sa puntong ito, nais kong malaman kung tunay mo ngang naunawaan ang iyong binasang alamat. Susukatin natin ang iyong kaalaman tungkol sa mga salitang naigamit mula sa akdang iyong binasa. Sagutin mo ang paglinang ng talasalitaan at kasunod nito mga sumusunod na tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. Handa ka na ba kaibigan? Kung handa ka na, maaari ka nang mag-umpisa.

### Paglinang ng Talasalitaan

A. Punan ang mga nawawalang letra upang matukoy ang kasingkahulugan ng salitang nakahilig.

1. Ang lahat ng **ninanais** ni Pulang ay ibinigay sa kanya ng kanyang ama.

k\_\_g\_\_st\_\_h\_\_n

2. Hindi alam ni Pulang na ipakakasal siya kay Sumawang nang sa ganoon ay lumawak ang kanilang kahariang **pinamumunuan**.

s\_\_n\_\_s\_\_ku\_\_an

3. **Natatanaw** niya ang kabilang bundok na pinamumunuan ng ama ng kaniyang mapapangasawa

na\_\_i\_\_i\_\_a

4. Ang **lumitaw** na tubig na kalaunan ay naging ilog .

l\_\_m\_\_ba\_\_

5. May nakapagkuwento kung saan **namamalagi** si Pulang ngunit hindi na siya muling nakita pa mula nang siya ay umalis.

n\_\_n\_\_t\_\_l\_\_

### B. Pag-unawa sa Binasa:

#### TANONG KO! SAGOT MO!

Sagutin ang mga tanong sa loob ng hagdan ayon sa wastong pagkakasunod-sunod. Isulat ang iyong sagot sa nakalaang espasyo.

5. Nagustuhan mo ba ang alamat at bakit ?

\_\_\_\_\_

4. Paano nagwakas ang alamat ?

\_\_\_\_\_

3. Ano ang tunggalian sa kuwentong binasa?

\_\_\_\_\_

2. Ano ang paksa ng alamat na binasa?



\_\_\_\_\_

1. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?

\_\_\_\_\_



- C. Iguhit mo sa itaas ng bundok ang mga pangyayaring maihambing mo sa iyong sarili mula sa binasang alamat, habang sa ilog naman ay isulat ang aral na iyong natutuhan.



Nasagot mo bang lahat ng tanong? Kung oo, aba'y napakagaling mo. Ipagpatuloy mo lang ang ganyang gawain.


Bago magpatuloy sa susunod na gawain. Pag-aaralan mo muna ang kahulugan ng alamat at ang elemento nito. Gagabayan ka ni Kuya Toto.

Ang **Alamat** ay isa sa kauna-unahang panitikan ng Mga Pilipino bago pa dumating ang mga Español. Karaniwang kathang-isip o maari naming hango sa tunay na pangyayari. Pinagmulan ng isang pook, ng isang halaman o punongkahoy, ng ibon, ng bulaklak at iba pang mga bagay ang karaniwang paksa nito. Maari ring tungkol sa mga pangyayaring di kapani-paniwala o kaya'y tungkol sa pagkakabuo ng pangalan ng lugar, bagay at iba pa.

Mababakas sa alamat ang matatandang kaugaliang Pilipino. Layunin din ng alamat na manlibang.

Sa tulong ng bawat bahagi ng alamat ay naipakita ang mga pangyayari na sumasalamin sa kultura, tradisyon, kaugalian at kalagayang panlipunan ng sinaunang Pilipino.

*Sanggunian: Gabay ng Guro sa Filipino 8 ( pahina 70 )*



## MGA ELEMENTO NG ALAMAT

Ito ay may pitong elemento. Basahin ang mga sumusunod:

- 1. Tauhan-** Nalalaman kung sino-sino ang magsisiganap sa kuwento at kng ano ang papel na gagampanan ng bawat isa. Maaaring bida, kontrabida, o suportang tauhan.
- 2. Tagpuan-** Nakasaad ang lugar na pinangyayarihan ng mga aksyon insidente, gayundin ang panahon kung kailan naganap ang kuwento.
- 3. Saglit na kasiglahan-** Naglalahad ng panandaliang pagtagpo ng mga tauhang masasangkot sa suliranin.
- 4. Tunggalian-** Ito naman ang bahaging nagsasaad sa pakikitunggali o pakikipagsapalaran ng pangunahing tauhan laban sa mga suliraning kakaharapin na minsan ay sa sarili, sa kapwa, o sa kalikasan.
- 5. Kasukdulan-** Ito ang pinakamadulang bahagi kung saan maaaring makamantan ng pangunahing tauhan ang katuparan o kasawian ng kanyang ipinaglalaman.

**6. Kakalasan-** Ito ang bahaging nagpapakita ng unti-unting pagbaba ng takbo ng kwento mula sa maigting na pangyayari sa kasukdulan.

**7. Katapusan-** Ito ang bahaging maglalahad ng magiging resolusyon ng kwento. Maaaring masaya o malungkot, pagkatalo o pagkapanalo.

*Sanggunian: Gabay ng Guro sa Filipino 8 (pahina 70-71 )*



## **Pagyamanin**

### **TUKUYIN NATIN!**

A. Matutukoy mo kaya ang sumusunod na mga elemento ng alamat na binasa mo? Punan ang *sequence organizer*.

<b>1. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?</b>	→	
<b>2. Saan ang tagpuan ng kuwento?</b>	→	
<b>3. Ano ang banghay ng kuwento?</b>		
<b>Paano nagsimula ang Kuwento?</b>	→	
<b>Ano ang suliranin ng pangunahing tauhan?</b>	→	
<b>Paano nabigyan ng solusyon ang suliranin ng pangunahing tauhan?</b>	→	
<b>Ano ang naging resulta ng solusyon ng kanyang suliranin?</b>	→	
<b>Ipaliwanag kung paano nagtapos ang kuwento?</b>	→	



## PAGSUNOD-SUNORIN MO!

B. Punan ng tamang bilang ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa binasang kuwento. Isulat ang iyong sagot sa bilog.

1 Sa pagkawala ni Pulang ay may isang bukal ng tubig ang lumitaw sa pagitan ng dalawang bundok kung saan huling nakita si Pulang.

2 Ilang linggo na hinahanap ng buong bayan si Pulang dahil sa labis na pag-aalala ng hari .

3 Simula ng marinig ni Pulang na ikakasal siya ay hindi na siya nakikitaan ng pagiging masaya.

4 Narinig ni Pulang ang kanyang ama na si Datu Semagansang na ipapakasal siya kay Sumawang at nagulat siya sa kanyang narinig.

5 Maraming nagkakagusto kay Pulang dahil sa kanyang angking kagandahan, kabaitan at ang hindi nito mapagmataas.




### Isaisip



Binabati kita kaibigan dahil naabot mo na ang bahaging ito ng modyul. Nagpapatunay lamang ito ng iyong determinasyon sa pagkatuto.


Ngayon, punan ang *graphic organizer* ayon sa tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari mula sa iyong binasa.


A. Punan ng wastong sagot ang *graphic organizer* mula sa binasang alamat ayon sa pagkakasunod-sunod nito. Tukuyin ang tagpuan, tauhan, at wakas. Isulat ang sagot sa sgutang papel.



**ILARAWAN MO!**




B. Ilarawan ang sitwasyon ni Pulang mula sa kuwentong binasa gamit ang larawang nasa ibaba. Isulat ang sagot sa nakalaang papel.





## Isagawa

- A. Ipagpalagay mo na ikaw si Pulang, isalaysay ang mga pangyayaring naganap ayon sa ipinapakita ng mga larawan sa ibaba. Isulat ang sagot sa bilog.



B. Sumulat ka ng tatlong sagnong ng *spoken poetry* tungkol sa larawang nasa ibaba at mamarkahan ka ayon sa ibinigay na pamantayan.




---



---



---



---



---



---



---

**Pagmamarka sa Paggawa**

PAMANTAYAN	PUNTOS				
	5	4	3	2	1
Nilalaman	Maayos ang pagkakabuo ng ideya	Hindi gaanong maayos ang pagkakabuo ng ideya	Kulang ang pagkakaayos ng nabuong ideya	Hindi maayos ang pagkakabuo ng ideya	Walang kaayusan ang nabuong ideya
Kaangkupan ng ideya	May kaugnayan sa larawan ang nabuong ideya	Hindi gaanong may kaugnayan sa larawan ang nabuong ideya	Kulang ang pagkakaugnay ng larawan mula sa nabuong ideya	Hindi magkaugnay ang larawan sa nabuong ideya	Walang kaugnayan sa larawan ang nabuong ideya
Wastong gamit ng mga salita	Maayos ang pagkakagamit ng mga salita	Hindi gaanong maayos ang pagkakagamit ng mga salita	Kulang ang paggamit ng mga salita	Hindi maayos ang pagkakagamit ng mga salita	Walang maayos na pagkakagamit ng mga salita



## Tayahin



Napakagaling mo kaibigan! Mahusay mong nasunod at nagawa ang mga gawain sa modyul na ito.

Ngayon naman ay susubukin natin ang iyong natutuhan sa pagsagot sa mga katanungan na makikita sa ibaba. Isulat ang iyong angkop na sagot sa sagutang




### A. Basahing mabuti ang sumusunod na katanungan batay sa iyong nabasang kuwento.

1. Mahalaga ba ang alamat bilang isang akdang pampanitikan?
  - a. Hindi, dahil ito ay nagdadagdag lamang sa mga panitikan na mahirap unawain
  - b. Siguro, dahil ito ay nagsisilbing libangan ng mga sinaunang tao bilang paraan ng pagpapahayag ng ating kasaysayan.
  - c. Oo, dahil ito ang nagsisilbing salamin ng ating kultura, paniniwala sa ating pang araw-araw na pamumuhay at pinagmulan ng bagay o lugar.
  - d. Wala sa nabanggit
2. Ano ang katangian ng alamat?
  - a. ito ay isang tiyak na *SETTING*: isang oras at isang lugar
  - b. ito ay nagbabago sa paglipas ng mga taon at pinananatiling makulay at kapana-panabik
  - c. ito ay mayroong mga alintuntunin na may kakayahang umangkop kung saan ay maaring magsimula sa mga himala na pinaniniwalaan na talagang pangyayari
  - d. Lahat ay sagot
3. Anong ilog sa Mindanao ang tinutukoy ng alamat?
  - A. Ilog ng Pulangi
  - b. Ilog ng Buluan
  - c. Ilog Simuay
  - d. Rio Grande de Maguindanao
4. Ang Alamat ay naglalaman ng mga elemento. Ano ang mga ito?
  - a. Tauhan at Banghay
  - b. Tagpuan at Tauhan
  - c. Tauhan, Tagpuan at Banghay
  - d. Wala sa nabanggit

5. Ano ang tamang kahulugan ng salitang Alamat?
  - a. Isang kuwento ng pinagmulan ng lugar o bagay.
  - b. Isang uri ng pampanitikan na nagsasaad ng pang araw-araw na gawain ng isang tao.
  - c. Isang uri ng akda na nagpapakita ng pagiging matapang ng isang tao at kung paano niya ito nalagpasan na may positibong pananaw sa buhay
  - d. Isang uri ng panitikan na naglalahad ng mga magagandang pangyayari sa isang tao kung paano niya nailigtas ang kanyang mga kapwa mula sa isang traydor na tao.
6. Ano ang pagbabagong nangyari kay Pulang nang marinig niyang ipapakasal siya sa isang lalaki?
  - a. nalulungkot at nawalan ng sigla
  - b. nasasabik siya sa darating na kasalan
  - c. handing-handa na siyang maging asawa
  - d. naging masiglahin ang dalaga sa kaharian
7. Sinong lalaki ang gusto ng ama ni Pulang na mapangasawa ng dalaga?
  - a. Tatapatan
  - b. Sumawang
  - c. Bidadari
  - d. Midtimbang
8. Ang kinahinatnan ng kuwento na maaaring masaya o malungkot.
  - a. kakalasan
  - b. wakas
  - c. kasukdulan
  - d. tunggalian
9. Ito ang pababang aksiyon ng kuwento kung saan unti-unting nang nasosolusyunan ang mga suliranin sa kuwento?
  - a. kakalasan
  - b. wakas
  - c. kasukdulan
  - d. tauhan
10. Ito ang pinakamataas na pangyayari sa kuwento kaya't ito ang pinakamaksiyon. Sa bahaging ito unti-unting nabibigyang-solusyon ang suliranin at dito malalaman kung magtatagumpay ba ang pangunahing tauhan o hindi.
  - a. simula
  - b. tunggalian
  - c. kasukdulan
  - d. kakalasan
11. Dito makikita ang pakikipagtunggali ng pangunahing tauhan sa mga suliraning kanyang kahaharapin.
  - a. simula
  - b. tunggalian
  - c. kasukdulan
  - d. kakalasan
12. Ito ay bahagi ng banghay kung saan ang kawiliha ng mga mambabasa ay nakasalalay
  - a. simula
  - b. tunggalian
  - c. kasukdulan
  - d. saglit na kasiglahan
13. Ito ay tumutukoy sa maayos na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa Alamat.
  - a. tauhan
  - b. tagpuan
  - c. banghay
  - d. kasukdulan

14. Ito ay tumutukoy sa panahon at lugar kung saan naganap ang Alamat.
- |            |               |
|------------|---------------|
| a. tauhan  | c. baghay     |
| b. tagpuan | d. Tunggalian |
15. Nagbibigay-buhay sa mga pangyayari sa kuwento, maaaring mabuti o masama.
- |            |              |
|------------|--------------|
| a. tauhan  | c. banghay   |
| b. tagpuan | d. katapusan |




## **Karagdagang Gawain**

Isang masigabong palakpakan para sa iyo kaibigan! Matagumpay mong naisagawa at natapos ang mga gawain sa modyul na ito. Alam kong nahasa mo na iyong sarili sa pagsunod-sunod ng mga pangyayari mula sa iyong binasang alamat.

Ikinararangal ko ang iyong pagsisikap sa pag-aaral. Naniniwala akong maaabot mo ang iyong mga pangarap balang araw basta't ipagpatuloy mo lamang ang ganitong ugali sa pag aaral.

Bago ka tumungo sa susunod na modyul, Gumuhit ka ng simbolo na nagpapahayag ng damdamin mula sa iyong nabasang kuwento na maihahambing mo sa iyong sarili . Gawing malikhain at makulay ang disenyo ng iyong Gawain. Gawing gabay sa paggawa ang inihandang pamantayan.



## Pagmamarka sa Paggawa: Pagguhit

PAMANTAYAN	PUNTOS				
	5	4	3	2	1
Nilalaman	May kaugnayan sa tema ang naiguhit	Hindi gaanong magkaugnay sa tema ang naiguhit	Kulang ang kaugnayan sa tema mula sa naiguhit	Hindi magkaugnay sa tema ang naiguhit	Walang kaugnayan sa tema ang naiguhit
Pagkamalikhain	Maayos ang kombenasyon ng mga kulay	Hindi gaanong maayos ang kombenasyon ng mga kulay	Kulang ang kombenasyon ng mga kulay	Hindi maayos ang kombenasyon ng mga kulay	Walang maayos na kombenasyon ng mga kulay
Kaangkupan ng simbolo sa paliwanag	Angkop at maayos ang pagpapaliwang	May angkop at may maayos na pagpapaliwanag	Angkop at hindi maayos ang pagpapaliwanag	Hindi gaanong angkop at maayos ang pagpapaliwanag	Hindi gaanong angkop at maayos ang pagpapaliwanag



*Binabati kita kaibigan! Napakagaling mo! Natapos at napagtagumpayan mo ang aralin. Sana'y naiwan sa iyong isipan ang lahat ng mga napag-aralan natin sa araw na ito.*

*Bagaman tapos na tayo sa araling ito, ihandang muli ang iyong sarili sa panibago na namang aralin, ang **Modyul 7: MGA PAHAYAG NA RETORIKAL***





## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1A  
2C  
3A  
4C  
5C  
6A  
7B  
8C  
9A  
10B  
11D  
12A  
13C  
14D  
15C

**Tayahin**

1. C  
2. D  
3. D  
4. C  
5. A  
6. A  
7. B  
8. B  
9. A  
10. C  
11. B  
12. A  
13. C  
14. C  
15. A

**Pagymamanin**

B.  
1. 5  
2. 4  
3. 3  
4. 2  
5. 1

## Sanggunian

Tahir, Mubarak M. *Ang Alamat ng Ilog ng Maguindanao, Mindanao State University.*

Filipino 8, Gabay ng Guro , pahina 70-71

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)